

Isang Pahinang Buod



Binabago ng mga programang Pagsasama-sama ng mga Pinili ng Komunidad (Community Choice Aggregation, CCA) ang paraan kung paano binibili ng mga taga-California ang kanilang kuryente. Lumalago sa buong estado ang mga programang ito na lokal na pinamamahalaan at hindi pangkalakal, dahil tumutuo ang mga ito sa kung ano ang kailangan at pinakagusto ng mga tao, sa halip na sa mga tubo ng mga may-ari ng share.

Ang San Diego Community Power (SDCP)—isang CCA na nagseserbisyo sa mga lungsod ng **Chula Vista, Encinitas, Imperial Beach, La Mesa** at **San Diego**—ay ang inyong pagkakataon upang pumili ng mas malinis na kuryente sa presyong mapagkumpitensya. Inuuna namin ang aming mga komunidad, tinutulungan kayo na gumawa ng malaking hakbang patungo sa isang kinabukasang may mas napapanatiling enerhiya.



Paano ito gumagana?

Tinitipon ng SDCP ang mga pangangailangang kuryente ng aming mga komunidad at binibili ang kuryenteng may mas mataas na taglay na nababago at mas mababang taglay na greenhouse gas kaysa sa iniaalok ng San Diego Gas & Electric (SDG&E). Binabayaran ninyo ang parehong halaga para sa kuryenteng mas malinis at mas mababa ang karbon na maaasahan gaya ng dati. Ganoon iyon kadali.



SDCP

Bumibili ng kuryente mula sa mga nababagong mapagkukunan ng enerhiya

SDG&E

Naghahatid ng kuryente at nagmamantini ng grid

Makukuha Ninyo

Mas malinis na kuryente, lokal na pagkontrol at presyong mapagkumpitensya

Kumikilos ang SDG&E bilang kasosyo namin, nagpapatuloy na maghatid ng kuryente sa mga tahanan at negosyo, pinananatili ang mga linya ng kuryente, pinangangasiwaan ang pagsingil sa customer, mga hiling na serbisyo at mga emergency.

Hindi ito isang bagong ideya—nililinis ng mahigit sa 23 programang kagaya ng sa amin ang hanging ating nilalanghap sa California sa loob ng mahigit isang dekada, ginagawang mas malusog ito para sa atin ngayon at para sa ating mga anak sa hinaharap. Mahigit sa 10 milyong customer ang bumibili na ng kuryenteng malinis at hindi gaanong nagdudulot ng polusyon mula sa kanilang mga sariling lokal na CCA, hinaharap ang pagbabago ng klima nang walang kahirap-hirap. Madali rin ang pagsali dahil awtomatiko ang pagpapatala ayon sa batas.

Ang isang pakinabang ng pagiging customer ng San Diego Community Power ay ang pagpili na magagawa ninyo kung gaano magiging kalinis ang inyong kuryente. Awtomatikong makikinabang ang mga customer na magpapatala sa amin mula sa mataas na taglay na nababago ng aming karaniwang serbisyo, ang PowerOn, na nagbibigay ng mataas na antas ng nababagong enerhiya. Maaaring mag-upgrade sa aming Power100 na antas ng serbisyo ang mga taong gusto ng lahat para sa kuryenteng ganap na walang petrolyo.

PowerOn – 50% Nababago

Mahalagang tagapagligtas sa pagbubuga ng usok ang PowerOn—ito ay 50% nababago at 5% na walang greenhouse gas para sa kabuuang 55% na walang karbon. Mas mataas ito sa mga nababagong pinagkukunan ng enerhiya at mas mababa sa karbon kaysa sa kuryenteng binibili ninyo mula sa SDG&E. Magandang paraan ang PowerOn upang mabawasan ang inyong carbon footprint, simple at walang kahirap-hirap.

Power100 – 100% Nababago

Ang Power100 ang aming pinakamabisang kagamitan upang tulungan kayong mabawasan ang inyong carbon footprint. May presyo na medyo mataas lang kaysa sa aming karaniwang antas ng serbisyo, ang taglay na enerhiya ay 100% nababago, 100% walang karbon—at halos naalis ang inyong produksyon ng greenhouse gas sa paggamit ng enerhiya.



Narito ang makukuha ninyo sa SDCP:

- *Mas malinis at walang gaanong polusyon na kuryente* sa mapagkumpitensyang mga presyo
- *Pagpili para sa lahat*, gusto man ninyo ng aming karaniwang serbisyo na PowerOn na 50% nababago o mag-upgrade sa aming 100% nababagong serbisyo na Power100 para sa kaunting pagtaas
- *Lokal na kontrol*, dahil pinamamahalaan kami ng mga lokal na ibinotong opisyal na nakakaintindi sa ating mga komunidad
- *Muling pamumuhunan at pagkakasangkot sa ating mga komunidad*, dahil nagtatrabaho kami upang bumuo ng mga proyekto ng nababagong enerhiya na malapit sa bahay at lumilikha ng mga trabaho
- *Pagtuon sa mga tao nang hindi kumikita*, dahil inililipat namin ang kontrol palayo mula sa mga may-ari ng share at patungo sa mga kamay ng aming mga customer
- *Simple at iisang bayarin* na magmumula pa rin sa SDG&E
- *Madaling pagsali*, dahil awtomatiko ang pagpapatala. Pero palaging may opsyon kayong manatili sa SDG&E.
- *Ipinatutupad pa rin ang mga programa sa pagbibigay ng diskuwento*—hindi kailangang muling mag-apply kapag nagpatala kayo sa SDCP.



Gusto ba ninyong mag-upgrade sa 100% nababagong enerhiya?

Mag-click dito at ihanda ang inyong bayarin sa SDG&E para ma-access ang inyong account number. O tumawag sa aming Customer Service Center sa 1-888-382-0169.

Gusto ba ninyong mag-opt out sa SDCP at manatili sa SDG&E? Mabilis din iyon. Mag-click dito at ihanda ang inyong bayarin, o tumawag sa 1-888-382-0169 para makipag-usap sa isang ahente sa inyong wika na maaaring makatulong.